2007 Police Accountability Review Panel

MGA PAALALA

Para sa Pangmadaliang Pag-labas Enero 29, 2008

Makipag-ugnayan kay: Judge Terrence Carroll, ret., 206-223-1669
carroll@jdrllc.com

Pinalabas ng Police Accountability Review Panel Releases ang Panghuling Ulat Nito

Ang Panel (Hurado) ay naghahandog ng 29 na mga rekomendasyon upang pahusayin at pagtibayin ang sistema ng pananagutan ng mga pulisya sa Seattle sa 4 na mga larangan

SEATTLE – Ngayong araw na ito, makalipas ang ilang buwang pagtatrabaho, ang 2007 Police Accountability Review Panel, na pinamumunuan ni Judge Terrence Carroll, ret., ay ipinalabas ang panghuling ulat nito. Pinagpasiyahan ng Panel (Hurado) na ang pangkalahatang ayos ng pamamahala ng pulisya ng Seattle - kasama ng sibilyan na direktor, auditor at review board - ay dapat na magpatuloy. Nalaman ng Panel (Hurado) na ang lahat ng tatlong mga bahagi ay ginagampanan ang mga tungkulin sa proseso ng pamamahala. Natuklasan din ng Panel (Hurado) na maraming mga panig ng kasalukuyang sistema ng pananagutan ng pulisya ay mahalaga at nagpupunyagi ng isang mabisang proseso ng pagrereklamo ng mga mamamayan.

Gayunpaman,, natuklasan din ng Panel (Hurado) na mayroong mga bagay na kinakailangang paunlarin at nagkaloob kay Alkalde Greg Nickels ng 29 mga tiyak na rekomendasyon para sa pagpapahusay at pagpapatatag ng sistema ng pananagutan ng pulisya sa mga sumusunod na apat na larangan:

- Pananagutan at Pagtitiwala ng Publiko
- Kalayaan
- Propesyonal na Pag-uugali
- Pagiging Totoo

-- higit pa --

"Makalipas ng ilang buwan ng publikong paglilitis at pagtatalo, ang lubusang magkakaibang grupo ng mga mamamayan na kasama sa Panel (Hurado) ay umabot sa isang kasunduan na may 29 na mga rekomendasyon na magsisilbing tulong upang mapatatag ang isang matibay na sistema ng pananagutan ng pulisya," sinabi ni Carroll. "Masugid naming pinupursigi ng alkalde, Konseho, ang Departamento ng Pulisya at mga kinatawan ng Guild na sama-samang magtrabaho sa mahalagang isyu na ito hinggil sa sistemang pang-disiplina ng pananagutan ng pulisya. Nagpapasalamat kami sa lahat ng nagkaloob ng impormasyon at mga puna na nagpatunay na mahalaga para sa Panel (Hurado) upang matapos ang trabaho nito."

"Ang pananagutan para sa departamento ng pulisya bilang kabuuan,ay kasing halaga ng pananagutan para sa indibiduwal na pag-uugali ng alagad ng batas. Ang dalawang ito ay magka-ugnay. Ang dalawang ito ay parehong mahalaga para sa kapakanan ng departamento at para sa pagtitiwala ng komunidad sa pulisya," sinabi ni Bob Boruchowitz, ang vice chair ng Panel (Hurado) vice chair at bumibisitang clinical professor ng batas sa Seattle University. "Ang taunang repaso na aming inirerekomenda para sa mga patakaran at pamamalakad ng pulisya, sinisimulan kung paano nakikipag-ugnayan ang Departamento sa mga mamamayan ng ibang lahi, ay nagkakaloob ng impormasyon at mga ideya na makakatulong sa pulisya upang lalong mapahusay ang kanilang trabaho at upang madagdagan ang tiwala ng komunidad."

"Ang mga rekomendasyon ng Panel (Hurado) na ito ay mahalaga sa pagtitiyak ng pinataas na kalayaan, pagiging totoo at pananagutan, at pagbubunga ng tiwala ng publiko. Lalo na, ang pinatibay na kalayaan ng parehong OPA auditor at OPA director ay mga malilinaw na pagsulong sa ating kasalukuyang ginagamit na sistema," sabi ni Pramila Jayapal, miyembro ng Panel (Hurado) at executive director ng Hate Free Zone.

Ang mga mungkahi ng Panel (Hurado) ay tumutukoy sa mga sumusunod na larangan:

- Palawakin ang tungkulin ng OPA auditor;
- Dagdagan ang kalayaan at kapangyarihan ng OPA director;
- Itatag ang OPA Review Board bilang pangunahing ugnay sa komunidad;
- Gamitin nang lubos ang paggamit ng pampublikong impormasyon hinggil sa sistema ng pananagutan;
- Panatiliin ang mga pinakamatataas na mga propesyonal na pamantayan; at
- Pahusayin ang pagtutulungan at koordinasyon ng mga grupo ng OPA.

Noong Hunyo 29, 2007, inatasan ni Nickels ang may 11-miyembro na Panel (Hurado) upang magisagawa ang isang masusi at kabuuang repaso sa sistema ng pananagutan ng pulisya sa Seattle. Natapos ng Police Accountability Review Panel ang trabaho nito noong Enero 2008.

-- higit pa --

Ang mga miyembro ng Panel (Hurado) ay sina: Judge Terrence A. Carroll, ret., chair; Bob Boruchowitz, vice chair; Jenny A. Durkan; Lorena González; Pramila Jayapal; Gary Locke; Hubert G. Locke; Judith Krebs; Mike McKay; Norman B. Rice; at Jennifer Shaw.

Ang maraming antas ng pagkaka-ayos ng pamamahala ng Seattle ay kakaiba. Ang kasalukuyang sistema ng Seattle ay namamahala sa loob ng anim na taon at mayroong tatlong magkakahiwalay na bahagi:

- ang Office of Professional Accountability, na responsable sa pagtanggap at pag-iimbistiga sa mga reklamo ng maling gawain at paggawa ng mga rekomendasyon sa hepe ng pulisya.;
- ang OPA auditor, na responsable sa pag-audit ng mga natapos na kaso at pagrerepaso at paggawa ng mga rekomendasyon sa mga naka-suspinde na imbestigasyon; at
- ang OPA Review Board, na responsable sa pagrerepaso ng mga proseso sa mga reklamo sa OPA at paglutas sa mga hindi pagkakasunduan sa pagitan ng OPA Auditor at ng Police Chief.

Ang OPA director ay ihihirang ng alkalde at kukupirmahin ng Konseho. Sa ilalim ng batas ng lungsod, ang mga director ng OPA ay maaaring manungkulan ng hindi hihigit sa anim na taon. Aatasan din ng alkalde, na sumasailalin sa kumpirmasyon ng Konseho, ng auditor, at independenteng sibilyan na contractor. Sa ilalim ng batas ng lungsod, ang mga OPA auditor ay maaaring manilbihan ng hindi hihigit sa tatlong tig-dalawang taon na termino. Ang OPA Review Board ay kinabibilangan ng may tatlong miyembro ng mamamayan bilang Panel (Hurado) na binuo at natalaga ng Konseho ng Lungsod.

Ang kopya ng buod pampangasiwaan ay kasama sa paalala na ito. Isang kopya ng kabuuang ulat ng Panel (Hurado) ay maaaring mai-download mula sa Web site ng Panel (Hurado) sa: http://www.seattle.gov/policeaccountabilityreviewpanel/

# # #